



2011 ONTARIO
BUDGET



NEWS RELEASE

TURNING *the* CORNER
TO A BETTER TOMORROW

MINISTRY of FINANCE

And Ekonomiya ng Ontario ay Bumubuti at Lumilikha ng mga Hanapbuhay

Pinaliliit ng Gobyerno ni Ginoong McGuinty ang Kakulangan sa Budget Habang Pinangangalagaan ang mga Paaralan at Ospital

BALITA

Ika-29 ng Marso 2011

Ipinagpapatuloy ng Budget ng Ontario sa Taong 2011 ang pagtangkilik ng gobyerno ni Ginoong McGuinty sa pagbangon ng ekonomiya ng Ontario. Patuloy na pinagtutuunan ng pansin ang pag-alis sa kakulangan sa budget habang ipinagtatangol ang edukasyon at pangangalagang pangkalusugan.

Ipinapalagay na magiging \$16.7 bilyon ang kakulangan sa budget sa 2010-11, na mangangahulugan na mas mababa nang \$3 bilyon kung ito'y ihahambing sa pagtantiya noong nakaraang taon. Ang malaking dahilan nito ay nasa pagpapalagay na mas bababa nang \$2.6 bilyon ang gastos sa programa sa 2010-11 kung ihahambing sa pagtantiyang ipinahayag sa Budget ng Taong 2010.

Kasama sa mga estratehikong pamumuhunan ng Budget ng Taong 2011 ang mga sumusunod:

Hanapbuhay at Pag-unlad

- Ang mga bagong pagkakasosyo nang kasama ang pribadong sektor ay lilikha at magpapanatili ng halos sa 10,000 trabaho sa Ontario
- Tutulongan ang mga tagatustos ng mga baka, baboy, tupa at karne ng guya sa pamamagitan ng pagpapairal ng isang bagong Programa sa Pamamahala ng Kapahamakan, at isang Programa na Sariling Sinimulan sa Pamamahala ng Kapahamakan para sa mga nagtatanim ng mga makakaing halaman

Pagtanggol sa Edukasyon

- Mas higit sa 60,000 bagong puwesto para sa mga mag-aaral sa mga kolehiyo at unibersidad sa Ontario sa 2015-16. Magkakaroon ng puwesto ang bawat kwalipikadong estudyante sa Ontario
- Sa Septiyembre magkakaroon ng kindergarten na pambuong araw ang 200 karagdagang paaralan, at makikinabang dito ang hanggang sa 50,000 bata. Sa kasalukuyan mayroong kindergarten na pambuong araw ang humigit-kumulang sa 600 paaralan para sa 35,000 bata. Ganap na isasakatuparan ito sa bawat paaralan sa Septiyembre 2014

.../2

Pagtanggol sa Pangangalagang Pangkalusugan

- Humigit-kumulang sa 90,000 karagdagang pagsusuri sa kanser sa suso upang mapaglingkuran ang mas maraming babae na nasa matinding panganib
- Isang masaklaw na Estratehiya sa Kalusugang Pangkaisipan at Pagkasugapa, na nagsisimula sa mga bata at kabataan
- Pinalalawak ang mga serbisyo at pagtataguyod ng parmasya para sa mga taong nakikinabang sa Programa ng Benepisyo sa Gamot ng Ontario – tinutulungan ang mga nakatatanda at ibang tao sa mga bagay tulad ng mga kasunod na pagkonsulta sa gamot na nireseta ng manggagamot

Pamamahala Ng May-Pananagutan

Upang mabawasan ang kakulangan sa budget na hindi malalagay sa panganib ang pagunlad ng ekonomiya o sa mga kapakinabangang natamo ng mga taga-Ontario sa edukasyon at pangangalagang pangkalusugan, dapat patuloy na ireporma ng gobyerno ang pamamaraan ng pagtrabaho nito. Ang mga pagsisimulang kamakailang ginawa at mga bagay na ipinahayag sa budget ay makatutulong isakatuparan ang mga pagtitipid na humigit-kumulang sa \$1.5 bilyon sa loob ng susunod na tatlong taong pampanuusan (fiscal year). May mga ilang bagong hakbang na siyang dahilan kung bakit makakayang bayaran at magiging mabisa ang mga serbisyong pampubliko para sa mga pamilya sa Ontario. Kasama na dito ang mga sumusunod:

- Itinitiyak kung ang kasalukuyang modelo ng paghatid ng serbisyo na tinatawag na ServiceOntario ay nagbibigay ng pinakamabuting kabuluhan at serbisyo sa mga tao
- Tinuturuan ang mga malalaking ahensiya na maging mas mabisa at magtipid nang \$200 milyon sa 2013-14
- Binabawasan ng 10 porsiyento sa loob ng dalawang taon ang palagiang pagpondo ng mga tanggapang pampangasiwaan na tumatanggap ng mga bayad sa pagkakalipat (transfer payments). Isasakatuparan din ang patakarang ito sa mga malakaking ahensiya ng gobyerno
- Babawasan ng karagdagang 1,500 tungkulin ang laki ng Serbisyong Pampubliko ng Ontario (Ontario Public Service o OPS) mula Abril 2012 hanggang Marso 2014. Ito ay dagdag sa pagbabawas na humigit-kumulang sa 3,400 full-time na empleado ng OPS na ipinahayag sa Budget ng Taong 2009
- Gagawing mas moderno at mas mabisa ang sistema ng pagbibilanggo. Makatitipid dito sa pamamagitan ng pagsara ng mga di-gaanong ginagamit na bilangguan sa Owen Sound, Walkerton at Sarnia, at bahaging pagsara ng Toronto West Detention Centre. Ililipat ang mga bilanggo sa mga bago, mas malaki at mas mabisang bilangguan
- Hindi itutuloy ang pagtayo ng Toronto West Courthouse, na magreresulta sa mga matitipid na pondong gugulin na may halagang \$181 milyon sa loob ng susunod na tatlong taon
- Itatag ang Lupon sa Pagreporma ng mga Serbisyong Pampubliko ng Ontario, na pinangunguluhan ni Don Drummond, isang kinikilalang ekonomista, at magbibigay ng payo ito sa mga reporma na makatutulong sa pagpapadali ng plano ng gobyerno na alisin ang kakulangan sa budget habang ipinagtatanggol ang edukasyon at pangangalagang pangkalusugan

Ang Budget ng Taong 2011 ay nakasalalay sa [Open Ontario Plan](#) ng gobyerno ni Ginoong McGuinty na pasiglahin ang ekonomiya, itaguyod ang paglikha ng mga trabaho at ipagtanggol ang mga importanteng serbisyong pampubliko.

MGA NABANGGIT

“Dalawang taon pagkatapos ng pinakamatinding pandaigdigang paghina ng ekonomiya na naranasan ng karamihan sa atin, bumubuti na ang ekonomiya ng Ontario at bumabalik na ang mga trabaho. Ang mga manggagawang malusog at may mabuting pinag-aralan ay nakapagsisigla sa ekonomiya ng Ontario at nakaaakit sa mga pamumuhunan at mga trabaho.”

— Dwight Duncan, Ministro ng Pananalapi

“Mayroon kaming planong may-pananagutan na alisin ang kakulangan sa budget habang inaaruga ang mga paaralan, ospital at pagunlad ng ekonomiya. Kailangan dito ang higit pang karagdagang pagreporma ng pamamaraan ng pagtrabaho ng gobyerno upang siguraduhin na mas maganda ang kabuluhang matatamo natin mula sa salaping ginagastos. Kung gagawin ang alternatibo — mga pagbabawas sa lahat ng mga programa — ipawawalang-bisa nito ang mga makabuluhang bagay na natamo ng mga taga-Ontario sa pangangalagang pangkalusugan at edukasyon, at pahihinain nito ang kakayahan ng ekonomiya ng ating probinsiya na makipagkumpitensiya.”

— Dwight Duncan, Ministro ng Pananalapi

ALAMIN ANG MGA DETALYE

[Basahin ang Budget ng Ontario sa Taong 2011](#)

Basahin ang detalyadong impormasyon tungkol sa Budget ng Ontario sa Taong 2011:

- [Ang Hinaharap ng Ekonomiya at Planong Pananalapi ng Ontario](#)
- [Pamamahala Nang May-Pananagutan](#)
- [Ang Masiglang Edukasyon at Pangangalagang Pangkalusugan ay Nagtataguyod sa isang Masiglang Ekonomiya](#)

Basahin ang mga pinakamahalagang bahagi ng Budget ng Ontario sa Taong 2011:

- [Patungo sa isang Mabuting Kinabukasan](#)
- [Kalusugang Pangkaisipan ng Mga Bata](#)
- [Pagtulong sa Mga Magsasaka ng Ontario](#)

[Alamin ang mga detalye ng Open Ontario Plan ng gobyerno](#)

-30-

PARA SA MGA TANONG NG MEDIA LAMANG:

Andrew Chornenky, Opisina ng Ministro, 416-325-9819
Scott Blodgett, Ministryo ng Pananalapi, 416-325-0324

ontario.ca/finance-news
TAGALOG

**Kung may tanong ang taong-bayan, tawagan ang
1-800-337-7222**

(walang bayad sa Ontario lamang)